



## ANG PAGTUTUON AY LUMILIKHA NG TAGUMPAY NANG HIGIT PA SA KUSINA

Simula nang magbukas noong 1989, ang restawran ng Chicken Express na nakabase sa Vallejo ay naging modelo ng napapanatiling operasyon sa tatlong lokasyon nito sa Solano County.

**"Nais naming gawin ang tama," sabi ng Manager na si Laura Bravo,** sa pag-alala na ang isang konsultasyon sa isang Espesyalista ng Recology sa Waste Zero ang nagpasimula sa pagbabago.

Ang Chicken Express, na matatagpuan sa 1075 Redwood Blvd., ay katabi ng isang malaking bakanteng espasyo. "Maraming mga critter diyan, kaya ang pagtaboy sa kanila mula sa restawran at pagpapanatili ng kalinisan ang mga prayoridad," sabi ni Bravo.

Ang pagtatatag ng mga nakalaang programa sa pag-uuri ay nakatulong sa negosyo na maabot ang mga layuning iyon at mabawasan ang ambag nito sa pagtatapon ng basura.

Ang dating tatlong yarda ng basura na hinahakot dalawang beses sa isang linggo ay isang yarda na lamang ngayon na kinokolekta linggu-linggo. Ang discard stream ay may kasama na ngayong 96 na galon na lalagyan ng nareresiklo, 64 na galon na cart ng organikong puno ng mga tira-tirang



**NAKATUON: Si Laura Bravo (nasa harap, sa pulang apron) at ang kanyang koponan.**

pagkain, at 4 na yardang lalagyan ng karton.

Naglagay si Bravo ng mga nakalaang balde na walang supot para sa mga buto, mga tira-tirang gulay, at iba pang mga nabubulok sa kung saan mismo naghahanda ng pagkain – sa kusina.

"Minsan ayaw ng mga empleyado na pumunta sa mas malalaking basurahan,"

sabi niya. Dahil sa pagiging maginhawa ng pag-uuri, nabawasan nang malaki ang kontaminasyon. Ang malinis na pag-uuri ay naging pangalawang karaniwan, sa halip na isang karagdagang trabaho.

Ang pagtutuo sa pagpapanatili sa Chicken Express ay pagsisikap ng pangkat — inaalisan ng laman at dinidisimpekta ng mga empleyado ang mga lalagyan sa loob ng kumpanya araw-araw at nililinis ang mga lalagyan ng Recology pagkatapos ng bawat pagkuha. Pinipigilan ng pamamaraang ito ang mga peste at amoy habang patuloy na natutugunan ang mga pamantayan sa kalusugan at kaligtasan.

Para sa iba pang mga negosyong nahihirapan sa pag-uuri, simple lang ang payo ni Bravo: gawin itong madali, panatilihing napapamahalaan ang mga lalagyan, at unahin ang kalinisan.

Ang galing, team Bravo, naipapakita ang kaibahan, kaunting pag-iingat at pagiging tuluy-tuloy!

*Kung nangangailangan ang iyong negosyo ng pagsasanay sa pag-recycle at paggawa ng pataba, tawagan ang Recology Vallejo sa **707.552.3110** upang magsaayos ng libreng pagbisita sa lugar.*

## PAGSARA NG TAKIP SA KONTAMINASYON

Upang mabawasan ang kontaminasyon sa mga cart at lalagyan ng ireresiklo at organikong bagay at mapanatiling mahusay ang paggana ng mga programa sa gilid ng kalsada, hinihiling ng batas ng estado sa mga lokal na tagapagbigay ng serbisyo na siyasin ang mga lalagyan.

Upang matiyak ang pagsunod, nagsasagawa ang Recology ng mga pagsusuri sa ruta, na kilala rin bilang "lid flips." Sinusuri ng mga empleyado ang mga basurang residensyal at komersyal, mga lalagyan ng nareresiklo, at mga organiko upang masuri ang tamang pag-uuri.

Ang mga pag-inspeksyong ito ay nagsisilbi para sa layuning pang-edukasyon. Kinikilala ng datos mula sa mga lid flip ang mga karaniwang pagkakamali sa pag-uuri, na nagbibigay-daan sa naka-target na pag-abot upang matulungan ang komunidad na matuto sa tamang paghihiwalay ng basura.



## GAWING ARAW NG DAIGDIG ANG BAWAT ARAW

# Sanayin ang magagandang gawi na makakalikasan para sa pinakamainam na resulta

Maligayang Araw ng Daigdig, Vallejo! Ngunit bakit nililimitahan ang pagdiriwang ng ating planeta sa isang araw lamang?

Sa tuwing maglalagay ka ng mga tira-tirang pagkain, mga pinagtabasan sa bakuran, o mamantikang kahon ng pizza sa iyong berdeng lalagyan, gumagawa ka ng positibong hakbang tungo sa isang mas malusog na komunidad. Iyan ang kapangyarihan ng SB 1383, isang batas ng estado na magbabawas ng basura, maglilihis sa mga materyales mula sa mga landfill, at mababawasan ang mga greenhouse gas na emisyon.

Pagkatapos na serbisyuhan ng Recology ang iyong lalagyan ng organiko, mapupunta ang mga laman nito sa aming pasilidad sa pagproseso, kung saan ginagawang pataba ang mga buto ng manok, giniling na kape, pinagbalatan ng gulay, at maruming mga papel na napkin. Ang patabang lupa na mayaman sa sustansya ay ginagamit sa mga bukirin at hardin, na kumukumpleto sa siklo na sumusuporta sa ating mga sistema ng pagkain.

Ang wastong pag-uuri ay mahalaga. Kapag inilalagay ang mga hindi



nabubulok na bagay sa iyong berdeng lalagyan, kinokontamina ng mga ito ang buong batch. At kapag napupunta ang mga organikong bagay sa mga landfill, nabubulok ang mga ito nang walang oxygen, na naglalabas ng methane — isang malakas na greenhouse gas. Sa katunayan, binubuo ng mga itinatapon na pagkain at halaman sa mga landfill ang 20% ng kabuuang emisyon na methane sa California.

Maaaring humiling ang mga ari-arian na para sa maramihang-pamilya ng

mga tiles ng kusina para sa bawat yunit sa kanilang complex, na may taunang kapalit na alokasyon na hanggang 10% ng kanilang kabuuang yunit. Ang bawat tiles ay may kasamang mabilisang gabay sa kung paano pinakamahusay na gamitin ang lalagyan. Gayunpaman, maaari ring magbigay ang aming mga Espesyalista sa Waste Zero ng mga libreng pagsasanay sa mga residente at pamamahala para sa tamang paggamit at pag-uuri ng kanilang basura.

### BUMUO NG MABUBUTING GAWI

- Ilagay nang direkta ang mga tira-tirang pagkain, papel na may dumi ng pagkain, mga pinagtabasan sa bakuran, mga patpat, at mga dahon sa iyong berdeng cart para sa pagkolekta ng pataba sa tabi ng kalsada.

- Gamitin ang mga panloob na lalagyan sa mga breakroom o kusina upang makolekta ang mga nabubulok at madala ang mga ito sa mas malaking mga lalagyan ng organiko.

- Ihiwalay ang mga plastik, salamin, at iba pang nareresiklo sa mga nabubulok.

Malaki ang epekto ng maliliit na gawi. Gawing bawat araw ang Araw ng Daigdig — naghihintay ang iyong berdeng lalagyan.



Ang aming mga Espesyalista sa Waste Zero ay handang mag-host ng mesa sa iyong susunod na kaganapan!

Bago ang kaganapan, maaari kaming magbigay ng payo sa kung paano mabawasan ang produksyon ng iyong basura, mailipat nang tama ang iyong mga materyales, o makapagbigay ng mga rekomendasyon para sa mga napapanatiling pagpipilian ng foodware.

Sa panahon ng kaganapan, magiging malugod kaming presensya at tutulungan ka namin at ang iyong mga bisita na matuto pa tungkol sa aming mga serbisyo, sagutin ang mga tanong, at magho-host ng aming larong pag-uuri kasama ang Recology swag. Ang mga patakaran sa pagresiklo ay maaaring nakakalito, kaya huwag mag-alala kung kailangan mo ng kaunting gabay! Nandito kami para magturo.

Nakapagtanghal na kami ng maraming kaganapan sa Vallejo, tulad ng Waterfront Weekend, Earth Daze (pumunta sa downtown sa Sabado, Abril 25!), Winged Migration, Pista Sa Nayon, at marami pang iba. Makipag-ugnayan sa [wzvac@recology.com](mailto:wzvac@recology.com) para magtanong tungkol sa aming availability.

### MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN!

Se Habla Español  
Nagsasalita kami ng Tagalog

Recology Vallejo American Canyon  
2021 Broadway Street  
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM  
[recology.com/vallejo](http://recology.com/vallejo)  
[facebook.com/recologyvallejoamericancanyon](https://facebook.com/recologyvallejoamericancanyon)